


## Dynamic Prayer Meeting Study Guide (Week 4)<sup>1</sup>

### PAGPAPATULUY SA PANALANGIN



**Review:** Ano ang makikita natin sa mga prayer meetings sa Bible?

1. Ang \_\_\_\_\_ ng Diyos
2. Ang \_\_\_\_\_ ng Diyos.
3. \_\_\_\_\_ sa ating paglakad kasama ang Diyos at ang isa't isa.

Isang dahilan kung bakit dapat manalangin: \_\_\_\_\_

Isang dahilan kung bakit dapat manalangin kasama ang iba: \_\_\_\_\_

Ano ang layunin ng panalangin? Upang \_\_\_\_\_ kasama ang \_\_\_\_\_

Dalawang katangian: \_\_\_\_\_ ang Diyos at \_\_\_\_\_ kasama ang Diyos.

### Kailangan din ang pagpapatuloy sa panalangin.

1. Sa Luke 11:1-4 pagkatapos ituro ni Jesus ang kahalagahan ng panalangin, sinunod niya ang ilang mga tagubilin sa pagpapatuloy sa panalangin (11:5-13). May kahalintulad na turo si Cristo sa Luke 18:1.
2. Ang sumunod na pagbibigay-diin niya sa pagpapatuloy sa panalangin (Luke 18:2-8) ay nagpapakita sa atin na ang panalangin ay hindi basta-bastang gawain lang. Karaniwan itong nahihinto o nahahadlangan ng mga panghihina ng kalooban o pagkainip (Luke 18:7).
3. Likas sa atin na panghinaan ng loob dahil sa paghihintay sa matagal nang inaasahang sagot sa dalangin (Prov. 13:12; Luke 18:1; Num. 21:4). Nais niyang ituro sa atin ang isang hindi likas na klase (*supernatural*) ng paghihintay na makapagbibigay lakas sa atin (Isa. 40:28-31; Rom. 4:20).

Mga Katangian ng Pusong Nanghihina	Mga Katangian ng Pusong Nagpapanibagong-Lakas
<ol style="list-style-type: none"><li>1. Tumitingin sa mga pangyayari sa buhay.</li><li>2. Umaayaw na dahil sa mga masasakit na dinaranas sa buhay.</li><li>3. Pinagtutuunan ng pansin ang mga kabiguan sa buhay.</li><li>4. Nananalangin may pagrereklamo sa halip na pananabik.</li><li>5. Huminto nang tuluyan sa panalangin.</li></ol>	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Nararanasang may kagalakan ang pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak (Psa. 27:13; 31:19-24).</li><li>2. Nararanasang may kagalakan ang katiyakang ibibigay ng Diyos ang ipinangako Niya (Rom. 4:20).</li><li>3. Hindi hinahayang pagtuunan ng pansin ang mga pangyayari sa buhay.</li><li>4. Niyayakap ang mga sakit at kabiguan bilang paalala na magtiwala sa Diyos.</li></ol>

### Mga Implikasyon

1. Dapat maging sentro ng lahat ng prayer meetings ang Diyos. Natural na gawain natin sa mga pagtitipon ay ituon ang ating atensyon sa pansariling mga pangangailangan. Dapat tayong magsimula sa Kanya.
2. Ang gawing simula o pangunahin ang Diyos ay hindi nangyayari nang isang tulog lang. Karaniwang dumaraan ang mas mahabang panahon bago natin lubos na matutunan na pagtuunan ng pansin ang Diyos.
3. Dapat maging masidhi ang pagnanasa natin sa Diyos at sa mga bagay na may kinalaman sa Diyos upang ang puso natin ay magpatuloy sa panalangin. Ang isang bagay na ninais mo isang araw ngunit nakalimutan mo na sa susunod na linggo ay karaniwang hindi nakakakuha ng sagot sa dalangin.

### Ang Iyong Panalangin Noong Nakaraang Linggo

May nakita ka bang ginawa ang Diyos tungkol dito? Suriin kung nakatuon ang pansin mo sa Diyos o hindi, kung taos-puso kang tumugon sa Kanya o hindi, o hinanap muna ang Kanyang kaharian o hindi. Binago mo ba ang ipinanalangin mo? Binago mo ba ang paraan ng panalangin mo?

My personal prayer request:	Our church prayer request:
-----------------------------	----------------------------

<sup>1</sup> Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at [http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF\\_PDF\\_PrayerMeetingGuide\\_Franklin.pdf](http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf)).